Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NGAYONG IKA-22 NG ABRIL 2005 DITO SA BARANGAY BENLI, BULALACAO, SILANGANG MINDORO

**MGA DUMALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Salvador A. Magalay | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - | Konsehal |
| Kgg. Gabriel C. Hermilao | - | -do- |
| Kgg. Rosalinda M. Cabagay | - | -do- |
| Kgg. Leonardo A. Andallon | - | -do- |
| Kgg. Sanny O. Madra | - | -do- |
| Kgg. Roberto A. Hilario | - | -do- |
| Kgg. Eric Michael R. Pajotal | - | -do- |
| Kgg. Juan L. Salas, Sr. | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |

**HINDI NAKADALO:**

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Efren S. Acosta | - | Konsehal (OB-Manila) |
| Kgg. Joseph Rey S. Amparo | - | Pangulo, Pederasyon ng SK(On-leave) |

x----------------------------------------------------------------------------------------x

# KAUTUSAN BLG. 05-04-049

## BINAGONG KAUTUSAN BLG. 04-06-037, KAUTUSANG NAGTATAKDA NG MGA ALITUNTUNIN SA PAG-UULING SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO

**May-Akda: Kgg. Rosalinda M. Cabagay**
**Tserman: Komite ng Pangangalaga ng Kapaligiran**

Ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro ay nag-aatas ng mga sumusunod:

**"SEKSYON 1.** Ang kautusang ito ay may titulong "Binagong Kautusan Blg. 04-06-037, Kautusang nagtatakda ng mga alituntunin sa pag-uuling sa nasasakupan ng Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro." Ang kautusang ito ay alinsunod rin sa Presidential Decree 705 na kinilala bilang Forestry Reform Code of the Philippines upang malunasan ang nakakabahalang pagkasira ng ating kagubatan. Ito rin ay itinadhana upang mabalanse ang pangangailangan ng mga mamamayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro at ang pangangalaga sa ating kagubatan;

**"SEKSIYON 2.** Kahulugan ng salitang ginamit sa Kautusang ito:

a. **CENRO** – Community Environment and Natural Resources Officer
b. **TFBG** – Task Force Bantay Gubat
c. **Imposition fee** – butaw na pinapataw sa bawat sako ng uling na ilalabas sa Bayan ng Bulalacao;

**"SEKSIYON 3.** Ang lahat ay pinagbabawalang mag-uling sa nasasakupan ng Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro ng walang kaukulang "Permit" mula sa CENRO;

**"SEKSYON 4.** Ang magrerekomenda sa CENRO upang mabigyan ng "permit" ang mga taong gustong mag-uling sa nasasakupan ng Bulalacao,

Scanned with CamScanner

Silangang Mindoro ay ang "composite team" ng Task Force Bantay Gubat na natatag alinsunod sa Executive Order No. 2004-11-08 na binubuo ng mga sumusunod:

1. Chairman at Vice-Chairman ng Task Force Bantay Gubat
2. Kinatawan ng CENRO
3. Kinatawan ng ENRO
4. Kinatawan ng Municipal Agriculture Office
5. Kinatawan ng NGO's
6. Kinatawan ng Religious Sector
7. Kinatawan ng Bulalacao PNP; at
8. Punong Barangay na sakop ng lugar na pagkukunan ng uling;

"**SEKSYON 5.** Ang lahat ng nabigyan ng "permit" ng CENRO ay dapat na sumunod sa mga prosesong itinakda ng Task Force Bantay Gubat para sa pag-iisyu ng permit sa pag-uuling at pagbibiyahe ng uling; ang sinumang tao, grupo o samahan na lumabag sa Seksyong ito ay hindi kailanman papayagang mag-uling;

"**SEKSIYON 6.** Ang bawat sako ng uling na ilalabas sa Bayan ng Bulalacao ay papatawan ng "imposition fee" na nagkakahalaga ng Php2.00. Ang "imposition fee" na ito ay kukulektahin ng Pambayang Ingat-Yaman o kanyang Kinatawan at hahatiin ito sa dalawang bahagi. Ang unang bahagi ay ilalagak sa Trust Fund ng pamahalaang lokal at ang ikalawang bahagi ay ilalagak naman sa Trust Fund ng Barangay na pinagkunan ng uling;

"**SEKSYON 7.** Ang lahat na nabigyan ng "permit" ng CENRO ay pinagbabawalang kumuha at magbiyahe ng uling na hindi nagmula sa lupang kanilang inaplayan na uulingin.

"**SEKSYON 8.** Ang lahat na nabigyan ng "permit" ng CENRO na mag-uling sa nasasakupan ng bayan ng Bulalacao ay inaatasang magtanim ng ipil-ipil at anumang uri ng punong-kahoy na namumunga sa panahon ng tag-ulan mula buwan ng Mayo hanggang Oktubre.

"**SEKSYON 9.** Ang lahat na pinayagang magbiyahe ng uling ay pinapayagan lamang na maglabas ng uling sa araw at kung lumampas ng ika-5:00 ng hapon ay maari na itong i-detain ng barangay hanggang ika-6:00 ng umaga.

"**SEKSYON 10.** Ang sinumang nabigyan ng "Permit" ng CENRO at lumabag sa mga alituntunin o kondisyunes na nakasaad dito at ang sasakyang ginamit sa paghahakot ng iligal na pag-uuling na walang "Permit" sa CENRO ay lumabag sa Kautusang ito;

"**SEKSIYON 11.** Ang sinumang lumabag sa Kautusang ito ay magmumulta ng sumusunod:

Sa bawat sasakyang ginamit sa paghahakot ng uling ng walang "Permit" sa CENRO:

| | | |
|---|---|---|
| Unang Paglabag | - | Php 1,500.00 |
| Ikalawang Paglabag | - | 2,500.00 |

Sa may-ari ng uling na walang "Permit" ng CENRO:

| | | |
|---|---|---|
| Unang Paglabag | - | Php 1,500.00 |
| Ikalawang Paglabag | - | 2,000.00 |

Ito ay reresibuhan ng Pambayang Ingat-Yaman o ng Kinatawan nito at ang salaping malilikom ay ilalagak sa Pambayang pondo;

Scanned with CamScanner

"**SEKSIYON 13.** Ang sinumang tao, grupo, samahan, korporasyon, may-ari ng sasakyan na tatlong (3) beses na lumabag sa Kautusang ito ay magmumulta ng Dalawang Libo at Limang Daang Piso (Php2,500.00) at sasampahan pa ng Hepe ng Pulisya at CENRO ng kaso sa paglabag sa PD 705 as amended at iba pang Batas na kaugnay nito;

"**SEKSIYON 14.** Ang sinumang tao, opisyales ng barangay o pulis na makahuli ng nag-uuling na walang "Permit" sa CENRO, ang dalawampung porsiyento (20%) ng kabuuang sako ng nakumpiskang uling ay ibibigay sa humuli at ito ay bukod pa sa mga multang nakasaad sa Seksyon 11 ng Kautusang ito;

"**SEKSIYON 15.** Ang tatlong (3) sakong uling pababa para sa pansariling konsumo ay hindi na kailangan ang "Permit" ng CENRO, subalit kailangang kumuha ng "Barangay Clearance" sa sakop ng Barangay na pinagkunan nito;

"**SEKSIYON 16.** Hindi pinahihintulutan ang mga dayuhang biyahero/biyahera na kumuha ng uling sa sakop ng bayan ng Bulalacao.

"**SEKSYON 18.** Ang lahat ng Ordinansa o mga Kautusan na salungat sa Kautusang ito ay pinawawalang bisa na.

"**SEKSIYON 19.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa sampung (10) araw matapos ang pagpapatalastas.

**ISINABATAS"** ngayong ika-22 ng Abril, 2005, Barangay Benli, Bulalacao, Silangang Mindoro.

x------------------------------------------------------------------------------------------x

**GUILLERMO G. SALAS, JR.**
Konsehal

**GABRIEL C. HERMILAO**
Konsehal

**ROSALINDA M. CABAGAY**
Konsehal

**LEONARDO A. ANDALLON**
Konsehal

**SANNY O. MADRA**
Konsehal

**ROBERTO A. HILARIO**
Konsehal

**ERIC MICHAEL R. PAJOTAL**
Konsehal

**JUAN L. SALAS, SR.**
Pang., Liga ng mga Brgy.

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**SALVADOR A. MAGALAY**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**SINAKSIHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Pansamantalang Kalihim

**PINAGTIBAY:**

**ENGR. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 5-16-05

Wrd.ord.doc
0504025/bms/

Scanned with CamScanner